



**Takdang petsa para sa pag-file: Abril 2, 2018**  
**Huling araw ng pag-file na walang multa:**  
**Mayo 7, 2018**

Account #: \_\_\_\_\_

Online PIN #: \_\_\_\_\_

## Paunawa ng Kinakailangan na I-File na 2018 Form 571-L Pahayag ng Pag-aari ng Negosyo

Pebrero 12, 2018

Sa May-ari ng Negosyo:

Ang paunawang ito ay ipinaalam sa iyo ang obligasyon ng business personal property filing para sa 2018. Ayon sa batas ng estado, lahat ng may-ari ng negosyo ay kailangang mag-file ng Form 571-L (Pahayag ng Pag-aari ng Negosyo) sa County Assessor para sa lahat ng mga negosyo na nasa loob ng County (R & T Code, Sec. 441 (a)). Kung hindi ka nag-file ng Form 571-L sa mga nakaraang taon dahil ikaw ay nasa Direct Billing (assessment na batay sa umiiral na impormasyon ayon sa aming record), natanggap mo ang paunawang ito dahil kinakailangan mong mag-file ng Form 571-L ngayong taon. **Alalahanin na ang takdang petsa para i-file ang inyong Form 571-L ay Biyernes, Abril 2, 2018.** Ang huling araw upang mag-efile ng walang parusa ay Mayo 7, 2018; ang parusa para sa pag-file pagkatapos ng Mayo 7 ay 10% ng kabuuang tinasang halaga.

Importanteng tandaan na ang aming tanggapan ay hindi na magpapadala ng mga papel na kopya ng FORM 571-L at mga kalakip. Sa halip ay pinagagaan namin ang proseso sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo ng karapatan na diretsong mag-file online. Sa paggamit ng Account # at Online PIN # na nakasulat sa loob ng kahon sa itaas ng kanang bahagi ng pahinang ito, maaari ninyong i-file ang inyong 571-L sa internet o i-download at ibalik ang mga nakumpletong form sa aming tanggapan. Mangyaring basahin ang mga tagubilin sa ibaba para sa higit pang imposmasyon sa prosesong ito.

### **Mga Tagubilin para sa Pagkumpleto ng Inyong Form 571-L**

Maguumpisa kaming tumanggap ng mga statements sa aming website, [www.sfassessor.org/efile](http://www.sfassessor.org/efile), mula **Pebrero 20, 2018**. Kapag nakapag-log-on na kayo sa website, i-enter ang Account # at Online PIN # ninyo. Ang Account # at Online PIN # na para sa inyong negosyo ay kakaiba, walang kapareho at nagbibigay ng matiwasay na paraan na makita ang inyong statement, at protektahan ang inyong kompidensyal na impormasyon at ang inyong privacy. Mangyaring tandaan na 'case-sensitive' ang inyong Online PIN #. Sakaling nalimutan ninyo ang inyong PIN, mangyaring pumunta sa e-file logon at piliin ang FORGOT MY PIN.

Sa sandaling naka-log in na kayo, piliin ang iyong ginustong paraan ng pag-file at sundin ang mga tagubilin sa online portal:

- (1) Diretsong E-File sa Online:** Ang e-File ay isang libreng aplikasyon sa online na maaring gamitin ng mga may-ari ng negosyo para ma i-file ng mabilis at may seguridad ang 2016 Form 571-L sa internet. Walang kailangan na bagong software para magamit ang e-File, at agad agad ninyong matatanggap ang online confirmation matapos isumite ang inyong statement. Bukod pa dito, matapos na makapag e-File kayo para sa inyong negosyo, maaari ninyong makita ang mga nakaraang taong statements ninyo.
- (2) I-download, I-Print, Kumpletuhin, Pirmahan at I-padala:** Maaari pa ring i-mail ng mga may-ari ng negosyo ang kanilang Form 571-L. Alalahanin na hindi na magpapadala ng papel na statement ang aming tanggapan. Sa halip, maaari ninyong i-download at i-print ang inyong statement sa [www.sfassessor.org/efile](http://www.sfassessor.org/efile) gamit ang Account # at Online PIN # para sa inyong negosyo. Kung wala kayong access sa internet, pwede ninyong gamitin ang pampublikong mga computer sa 1155 Market Street, 5th floor, o sa City Hall, Room 190, o sa lokal na sangay ng pampublikong library. Mangyaring tandaan na dalhin ang paunawang ito.

Ang nakumpleto at napirmahang Form 571-L statement ay dapat ipadala sa:

Office of the Assessor-Recorder  
Business Personal Property Division  
1155 Market St., 5<sup>th</sup> Floor  
San Francisco, CA 94103.

**IMPORTANTE: Hindi kami tatanggap ng statement na walang computer generated na barcode.** Kung i-susumite ninyo ang statement sa koreo o kung mayroon kayong kinatawan na maghahanda ng statement ninyo, kailangan ninyong isama ang computer generated na Form 571-L na may barcode. Kailangan ang statement na may barcode para maiwasan ang pagkakadoble ng mga assessment at ang mga hindi sinasadyang pagkakamali.

**Karagdagang mapagkukunan ng impormasyon para makatulong sa mga negosyante sa pagkumpleto ng Form 571-L**

- **Online na Manwal:** Ang reference guide na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng mga requirements na naaayon sa batas para sa pag-file, mga sagot sa madalas na mga katanungan, at sunod-sunod na tagubilin para sa pagkumpleto ng Form 571-L. Para ma-access ang manwal, mangyaring pumunta sa [www.sfassessor.org/Manual571L-R-STR](http://www.sfassessor.org/Manual571L-R-STR)
- **Mga Workshops:** Ang Tanggapan ng Assessor-Recorder ay may naka-iskedyul na dalawang workshop para makatulong sa mga may-ari ng negosyo sa kung paano kumpletuhin ang kanilang Form 571-L statement. Ang “Paano ko pupunuin ang Form 571-L?” na mga workshops ay gaganapin sa Miyerkules, Marso 27, 12:00pm - 1:00pm & 4:00pm - 5:00pm. Kung kayo ay interesadong dumalo, mangyaring pag-email sa [askbpp@sfgov.org](mailto:askbpp@sfgov.org).
- **Bisitahin o Tumawag sa aming Tanggapan:** Ang regular na oras ng aming tanggapan ay Lunes hanggang Biyernes, alas-8 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon. Ngunit simula sa Marso 29, Miyerkoles, hanggang Abril 2, Biyernes, ang aming tanggapan ay bukas hanggang alas-6 ng gabi. Kung gusto ninyong bisitahin ang aming tanggapan, ang Business Personal Property Division (BPP) ay matatagpuan sa 1155 Market Street, 5<sup>th</sup> Floor. Maaari din maabot ang BPP sa pagtawag sa (415) 554-5531 o pag-email sa [askbpp@sfgov.org](mailto:askbpp@sfgov.org).

Sumasainyo,



Carmen Chu  
Assessor-Recorder

Ang pagsasalin ng sulat na ito sa Tsino ay matatagpuan sa aming website: [www.sfassessor.org/forms-chinese](http://www.sfassessor.org/forms-chinese)  
O maari kayong tumawag sa (415) 554-5531 para sa tulong.

Ang pagsasalin ng sulat na ito sa Espanyol ay matatagpuan sa aming website: [www.sfassessor.org/forms-spanish](http://www.sfassessor.org/forms-spanish)  
O maari kayong tumawag sa (415) 554-5531 para sa tulong.

\*\*If you would like to receive future notices from our office in a language other than English, please submit an online request using the link below

**Request Online / Solicitación por internet/ 網上申請:** [sfassessor.org/biz-language-preference](http://sfassessor.org/biz-language-preference)

*\*\* In the event of any inconsistency between English version and the translated version, the English version shall prevail, to the extent of such inconsistency or conflict./ Sa kaganapan ng anumang pagkakasalungatan sa pagitan ng Ingles na bersyon at ang mga isinalin na bersyon, ang Ingles na bersyon ay mangingibabaw, sa lawak ng naturang hindi pagkakatugma o salungatan*